1

Jude Steven Montereal's lips curled into a sardonic smile as he watched a certain woman strode purposely toward him. Naisip niya, wala nang bago sa picture na iyon. After all, a woman strutting toward him was hardly a new occurrence.

Females have been throwing themselves at him since he was three. They would chase him, climb unto him and try to smother the life out of him by pressing themselves tightly against him. Hanggang ngayon, ganoon pa rin ang sistema. Naiirita siya noong bata siya pero nang nagtagal, nasanay na rin siya.

So, no. Walang kakaiba sa eksenang ito ngayon sa loob ng kanyang luxury yacht. Well, maliban na lang siyempre sa katotohanang imbis na itapon ang sarili sa kanyang paanan at halikan ang kanyang tinatapakan, tila mas gusto siyang ingudngod ng babaeng ito sa sahig at itapon sa labas ng yate para ipakain sa mga pating.

He found himself smirking wider as she approached him.

The woman was glaring bloody murder at him, her huge blue-grey eyes were narrowed into slits; her firm, full lips were tightly pursed into a thin line. Nakakuyom din ang mga kamao nito na tila ba gustong manakit ng tao. Natural, ang mga bisita niya sa loob ng main deck ay awtomatikong tumabi para bigyan

ng daan ang tila homicidal nang dalaga.

Muli, hindi niya napigilan ang paglapad ng nakakalokong ngiti. Oh, yes, Natalia Cantallan was definitely pissed big time.

"It's about time," bulong niya sa hawak na wine glass habang pinapanood itong lumakad palapit sa kanya.

Wala sa loob na napadako ang kanyang mga mata sa mahuhubog nitong binti. Nakasimpleng maong lang ang dalaga, tila pangalawang balat kung kumapit sa binti at hita nito ang tela, revealing just how damn shapely those long legs were. Nakasimpleng t-shirt din lang ito at mahigpit na naka-pony tail ang mahaba at itim na itim nitong buhok. She was like a sore thumb amidst the beautifully dressed women inside the hall, pero sa kabila niyon, he irritably noticed that all the men couldn't seem to take their eyes off her—himself included.

Iritado siyang napasimangot sa isiping iyon.

Tumigil ang dalaga nang ilang hakbang na lang ang layo sa kinatatayuan niya. Her expression was hard.

"Ibalik mo ang suporta sa school." Kasing-tigas ng ekspresyon nito ang boses nito. Nanatili siyang kalmado habang nakatitig dito.

"Ibalik ang anong suporta?" balik-tanong niya na para bang kinamusta lamang siya nito.

"Don't play freaking innocent, you bastard!" she hissed.

"Masaya ba talagang mam-bully ng mga taong mahina? What else do you want? Napaka-childish at immature mo! Porque ba may pera at kapangyarihan ka puwede mo nang gawin ang lahat ng gusto mo?"

Muntikan na siyang tumawa nang malakas.

"Natalia, Natalia," Jude drawled as he lazily regarded her angry face. "Don't you think it's rather too late for that speech? Twenty years too late to be exact. I've been bullying you since you were six and I always get away with it. Bakit? It's precisely because of what you said. I have money and power. For someone who has an IQ of one hundred sixty, you're rather dumb to ask the obvious."

"You! You! You—"

"Sir, sorry po." Humahangos na dumating ang dalawang guards niya at mabilis na hinawakan ang nanggagalaiting dalaga.

"Ano ba! Let me go!" asik ng huli.

"Sorry po, Sir! Hindi po namin alam kung paano siya nakasakay dito—"

Itinaas niya ang isang kamay para patigilin ang lalaki. "It's rather too late for that," he said drily.

Lahat ng tao sa loob ng hall nakatingin na sa kanilang dalawa, wala na siyang nakikitang point para patigilin pa ito ngayon. Sigurado siyang laman na sila ng local gossip bukas ng

umaga. The damage was done; he might as well give people a show. Isa pa, it was not like this was new to him. Eight years old pa lang siya, laman na siya ng tsismis. No thanks sa napakagaling niyang ama at sa nakapagaling ding ina ng babaeng ito.

Iritado niyang binaba ang wine glass sa katabing mesa, hinarap muli ang dalaga at hindi pinansin ang kanilang audience.

"Since mukhang naghirap kang makasakay dito sa yate at guluhin ang party namin para lang makita ako, I might as well listen to what you want to say. See, Natalia, I'm actually a very reasonable person. So go ahead, spill your guts out—"

"Reasonable my ass!" she cut him off angrily.

Jude smiled wider. "Ah, growing fangs now, aren't we?"

Lalo siyang napangiti nang makitang lalong nanggalaiti ito. "Don't be cruel… please, ibalik mo na ang suporta para sa building construction ng Physics lab ng school. Hindi na nila ako tinanggap sa school, I'm fired… Fired… F-I-R-E-D, fired. Kaya ibalik mo na ang financial support sa school, utang-na-loob." Nanginginig ito sa galit at nakita niyang nagkulay-asul ang madalas ay kulay abo nitong mga mata.

Hmm… he thought to himself as he noted the shift in colors. He never really noticed that before. But then again, hindi talaga niya pinag-aaksayahan ng pansin ang dalaga. He bullied her and made her life miserable, yes, but he never really observed her or anything. Pagsasayang lang iyon ng oras sa opinyon niya.

Bored niyang hinagod muli ng tingin ang katawan nito. "Ah, but don't you see, Natalia? That's exactly the point. You were fired. Meaning they *dared* to hire you. And that in itself is reason enough for me to draw my support from the school."

"You're really such an asshole…" she hissed.

Sa pagkakataong iyon, tumawa na siya. "Yeah, I know. Can't help it, especially not to the daughter of the bitch who killed my mother—"

"Exactly the point!" she bit out. "Daughter, asshole, daughter! Kasalanan ko ba kung nakiapid ang nanay ko sa tatay mo—"

"Semantics, Natalia. Semantics," he sneered.

"And your mother had an accident—"

"Yes, matapos niyang makitang nakikipaglampungan ang nanay mo sa tatay ko!"

"Hindi ko kasalanan ang kahit ano doon! Bakit kailangang ako ang magbayad—"

"Aw… don't flatter yourself. Pati ang nanay mo at tatay ko, pinahirapan ko rin."

"Pero bakit pati ako?"

"Because you're part of it, damn you." His voice turned deathly cold. "You're that bitch's daughter. Ngayon, kung nahihirapan ka na sa lugar na 'to, umalis ka na. Nobody wants

you here, Natalia. Sundan mo na ang nanay mo at mag-impake ka na rin paalis sa bayan na 'to. Dad has no power whatsoever now. Wala kang kakampi rito, umalis ka na." Hinaklit niya sa braso ang dalaga at hinila palapit sa kanya.

Imbis na matakot gaya ng usual reaction ng mga tao kapag ganito na ang mood niya, nanatiling matalim din ang titig nito sa kanya.

"Kahit kailan, hindi ako umasa sa kapangyarihan ng tatay mo." Matalim din ang boses nito.

He smiled sweetly. "Maybe. Pero sa pagkawala ng kapangyarihan ng tatay ko ay ang paglakas ng akin. Now, you're a Math wiz, aren't you? You should know what that means. Kaya mabuti pa, umalis ka na sa bayan na 'to at 'wag na 'wag ka nang babalik pa ulit. Don't try my patience, Natalia. Kung sa tingin mo miserable ang buhay mo noong mga bata pa tayo, childish pranks lang ang mga iyon. Now that I have control of *Montereal's Corp* in this town, I assure you, hindi lang ang ipatanggal ka sa trabaho mo ang kaya kong gawin. Kaya umalis ka na."

They glared at each other. She opened her mouth and lashed at him, pero hindi niya halos maproseso sa isip ang mga sinabi nito. He didn't know why, but being this close to her was disturbing his senses.

Jude had never been this physically close to her before. Sa kabila ng lahat ng pangbu-bully niya rito, hindi ito lumapit sa

kanya para awayin siya. She always stayed away from incurring more trouble. Sa loob ng dalawampung taon na nakilala niya ito, ito ang unang pagkakataon na naging ganito sila kalapit sa isa't isa, and the effect was really irritating.

He could not stop himself from noticing how full her lips were, how soft, how tempting. Hindi niya mapigilang mapansin kung paanong tumatama ang ilaw ng chandelier sa makapal at itim na itim nitong buhok, o kung gaano ka sensual ang kurba ng leeg nito. O kung gaano nakadadarang ang mabangong amoy na nilalabas ng katawan nito.

For a split second, nakita niya ang mga daliri na marahas na hinahaklit ang buhok nito upang hilahin ito palapit sa kanya. He saw himself crashing her lips to his, his fingers weaving in those damn silky tresses as he kissed her hard.

"Are you listening?" narinig niyang asik nito sa kanya.

Kumurap siya at tinaas ang tingin sa mga mata nito, pero mas kulay asul pa rin ang mga iyon kaysa gray. Iritado siyang sumimangot. What in the world was he thinking?

Nanatili ang matigas niyang anyo nang magsalita muli. "I don't really care about what you said. I repeat, Natalia, leave this town or I won't be very lenient the next time."

"I told you, I can't! Not when—"

Naputol ang sasabihin nito ng isang malakas na pagsabog.

Mabilis ang mga sumunod na pangyayari. Isang segundo ay nagge-glaring contest lang sila ni Natalia pagkatapos sa sumunod ay nagsisigawan na ang mga tao sa paligid. Gumewang ang yate at nabuwal ang dalaga sa kanyang bisig.

"What the f*ck!"

Mabilis siyang hinaklit sa braso ng isa sa mga guards.

"Sir, pumunta na po kayo sa upper deck," anito. "Mabuti po kung sumakay na rin kayo sa lifeboats."

"What the hell is happening?" asik niya pero patuloy lang siyang hinila nito palabas ng hall kasama ang gulat pa ring si Natalia. Nagkakagulo na ang lahat sa yate, nakita rin niyang tila may nasusunog sa lower deck.

"Hindi po namin alam, pero—"

Hindi nito natapos ang sasabihin dahil may isa na namang pagsabog at napatilapon sila.

"F*ck!" marahas na mura ni Jude nang tumilapon siya sa sahig. Naramdaman niya ang matalim na sakit sa balikat at muli siyang napamura.

"Oww…" narinig niyang ungol ng kung sino.

Gumalaw ang babaeng nakadagan sa kanya at napamura muli siya nang magalaw ang balikat niya.

"Get off me!" asik niya kay Natalia.

"The hell! It's not like I wanted to sprawl over you—"

Pero muli, hindi nito natapos ang sasabihin dahil may kung anong pagsabog na namang yumanig sa yate.

Again, he cursed roughly. Really now, he was seriously getting pissed. Ano bang klaseng bodyguards ang mayroon siya at hindi nasiguro ng mga ito na walang magpapasabog sa yate niya? But then again, ni hindi nga napigilan ng mga ito na makasakay si Natalia.

Naramdaman niya ang init ng apoy mula sa di-kalayuan at ang sumunod na lang na nalaman niya, sumisigaw na si Natalia at hinihila siya patalon sa dagat.

He cursed vehemently as he dove into the water. Now he was definitely sure, nasa headlines sila ng news bukas ng umaga.